

Madaling paraan ng paghahanap ng mga serbisyo at suporta

Kita at Pananalapi



Mga pantulong
at kagamitan



Transportasyon



Araw-araw
na pamumuhay



Libangan



Pagtatrabaho



Pabahay



Kalusugan
at kagalingan



Edukasyon



Mga karapatan
at batas



Simulan ang iyong paghahanap ngayon

Bisitahin ang disabilitygateway.gov.au

Kung kailangan mo ng suporta sa wika maliban sa Ingles, makakatulong ang **Translating and Interpreting Service** (TIS National).

Maaari kang tumawag sa:

- Disability Gateway sa **1800 643 787** at humiling ng serbisyo ng interpreter
- TIS National sa **131 450** at hilingin sa kanila na ikonekta ka sa Disability Gateway.

Kung nahihirapan kang makarinig o magsalita, maaari kang tumawag sa **National Relay Service** sa **133 677** at hilinging ikonekta ka sa Disability Gateway.

Likhang-sining ni Marcus Lee

Maghanap ng mga serbisyo at suporta sa kapansanan



Bisitahin ang: **disabilitygateway.gov.au**
Tumawag sa: **1800 643 787**
Lunes hanggang Biyernes, 8am hanggang 8pm
AEST/AEDT



Ano ang Disability Gateway?

Ang Disability Gateway ay tumutulong sa lahat ng Australyanong may kapansanan, kanilang mga pamilya at mga tagapag-alaga upang makahanap ng pagtitiwalaang impormasyon at kumonekta sa mga serbisyo sa kanilang lugar.

Ito ay libreng serbisyo sa buong Australya na kinabibilangan ng isang website, linya ng telepono, at pahina sa Facebook.

Maaari kang ikonekta ng Disability Gateway sa suportang kailangan mo, tulad ng pinansyal, pabahay, kalusugan, trabaho, transportasyon at mga suporta at serbisyo sa pang-araw-araw na pamumuhay.



Website

Ang Disability Gateway ay isang naa-access, magiliw na tumatanggap at ligtas na lugar para maghanap ng impormasyon.

Pumunta sa **disabilitygateway.gov.au**

Linya ng telepono

Kapag tumawag ka sa linya ng telepono ng Disability Gateway, makikipag-usap ka sa isang tunay na tao na magbibigay sa iyo ng malinaw na impormasyon at ikokonekta ka sa mga suporta at serbisyo na tama para sa iyo.

Maaari mong tawagan ang Disability Gateway sa **1800 643 787**.

Available ito mula **Lunes hanggang Biyernes, 8am hanggang 8pm** AEDT/AEST.

Social Media

Ang Disability Gateway ay available sa Facebook – nagbibigay ng pinagkakatiwalaang impormasyon at balita at tumutulong sa mga taong may kapansanan, kanilang mga pamilya at mga tagapag-alaga upang makilahok sa Gateway at sa mas malawak na komunidad.

I-follow kami sa Facebook sa **facebook.com/disabilitygateway**